




NEW MUSLIM
ACADEMY

**Ang Pag-unawa
sa Pambungad
na Kabanata
ng Qur'an
Ang Al-Fatiha**



Ang unang kabanata ng Qur'an ay kilala bilang ang "Pambungad na Kabanata" (ang Surah al-Fatiha). Sa katotohanang naglalaman ito ng mga paunang salita na nagbubukas ng Qur'an ay ginagawa itong halos tulad ng isang panimula na nagtatakda ng maikling salaysay at tono para sa natitirang bahagi ng Qur'an.






Ang Kahalagahan ng Pambungad na Kabanata


Binanggit sa maraming mga pahayag ni Propeta Muhammad ﷺ, kung saan ang kahalagahan at mga kabutihan nito ay nakadetalye. Ang isa sa maraming mga pangalan nito ay “Ang Ina ng Qur’an.” Ito ay tumutukoy sa pagiging pundasyon at panimula nito.

Sa isang pangyayari, tinanong ni Propeta Muhammad ﷺ ang isa sa kanyang tagasunod tungkol sa pinakadakilang kabanata ng Qur’an. Tumugon ang tagasunod na hindi niya alam ang tinutukoy nito. Sumagot si Propeta Muhammad ﷺ na ito ang ‘Pambungad na Kabanata.’ Pagkatapos ay tinukoy niya ito bilang “ang pitong madalas na inuulit na mga Talata.” Dahil ang kabanatang ito ay naglalaman ng pitong mga talata, gayundin sa dahil ito ay inuulit ng hindi bababa sa 17 beses sa isang araw kasama ng obligadong itinakdang ritwal na mga panalangin.






Inirerekomenda ito ni Propeta Muhammad ﷺ bilang isang panalangin na maaaring basahin sa isang tao kapag sila ay maysakit o masama ang pakiramdam, para tulungan silang gumaling. Kaya, ito ay isang uri ng pang-espirituwal na lunas. Sa ibang katuruan, isang Anghel ang bumaba mula sa langit at sinabi kay Propeta Muhammad ﷺ, “Tanggapin ang masayang balita ng dalawang liwanag na ibinigay sa ito na walang Sugo na nakatanggap bago sa iyo; ang Pambungad na Kabanata at ang huling dalawang mga Talata ng Kabanata ng ‘Baka’ (i.e 2:285-286). Hindi mo babasahin ang isang salita mula sa kanila maliban na ito ay magbibigay ng benepisyo sa iyo.”





Hinati sa Dalawa: Kalahati para sa Allah at Kalahati para sa Alipin

Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ, “Ang Allah, ang Maluwalhati at Dakila, ay nagsabi: 'Hinati ko ang panalangin na sinabi sa Pambungad na Kabanata sa dalawang hati sa pagitan Ko at ng Aking alipin. Matatanggap ng aking alipin ang kanyang hinihiling.' Nang sinabi ng alipin: ‘Ang papuri at pagluwalhati ay tanging sa Allah, ang Panginoonng lahat ng Nilalang; Sinabi ng Allah: 'Pinuri Ako ng Aking alipin.' Kapag binigkas niya: 'Ang Pinakamaawain, ang Pinakamahabagin,' sinabi ng Allah: 'Ang Aking alipin ay nagpuri sa Akin.' Pagkatapos ay kanyang sinabi : 'Ang Panginoon ng Araw ng Gantimpala,' sinabi ng Allah: ‘ Niluwalhati Ako ng Aking alipin.' Kapag kanyang sinabi: 'Ikaw lamang ang aming sinasamba at mula sa Iyo lamang kami ay humihingi ng tulong,' ang Allah ay nagsabi: 'Ito ay nasa pagitan Ko at ng Aking alipin, at ang Aking alipin ay makakamit ang kanyang hinihiling.' Kapag kanyang sinabi: ‘Patnubayan kami sa tuwid na landas. Ang landas Iyong pinagpala, yaong mga hindi nagkakaroon ng galit at ang mga hindi naliligaw,’ Sinabi ng Allah, ‘Ito ay para sa Aking mga Alipin, at makakamit ng aking alipin ang kanyang hinihiling.'” Ang pagsasalaysay na ito ay magandang inilalarawan ang malalim na ugnayan sa pagitan ng alipin at ng Allah habang binibigkas ang pambungad na kabanata.






Pangunahing Paksa ng Pambungad na Kabanata

- 1 Papuri at Pasasalamat.
- 2 Pagkilala sa Biyaya at Habag ng Allah
- 3 Pagkilala sa Dakilang Kapangyarihan ng Allah sa Araw ng Gantimpala
- 4 Pagdedeklara ng Eksklusibong Pagsamba at Pagtitiwala lamang sa Allah
- 5 Paghahanap ng Patnubay ng Allah at Katatagan sa Patnubay
- 6 Pagkilala sa Landas ng pinagpala mula sa iba

Ang mga paksang ito ay sama-samang sumasaklaw sa kakanyahan ng Qur'an at nagsisilbing palagiang paalala sa atin.






Paliwanag sa Bawat Talata

Talata 1 - “Nagsisimula Ako sa ngalan ng Allah, ang Pinakamaawain, ang Pinakamahabagin”.

Ang Unang Talata ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagtawag sa pangalan ng Allah. Ang salitang ito ay ang mga Panimulang Panalangin na binibigkas kapag nagsisimula ng anumang bagay, lalo na kapag ito ay mabuti o pinagpala. Wala nang higit na pinagpala kaysa sa Qur'an, ang mga salita ng Allah. Sa paggawa nito, humihingi tayo ng tulong, proteksyon at pagpapala ng Allah, habang sinisimulan natin ang pagbigkas. Hinihiling din natin ang biyaya, habag at awa ng Allah. Itinuturo sa atin ng Talatang ito na tawagin ang pangalan ng Allah kapag nagsisimula ng anumang gawain.






Paliwanag sa Bawat Talata

Talata 2 - "Ang papuri at Kaluwalhatian ay tanging sa Allah, ang Panginoon ng mga Nilikha".

Ang pagpupuri sa Allah ay nangangahulugan ng pagmamahal, pagpapasakop at pagpapakumbaba. Hindi lamang para purihin ang Allah tulad ng ginagawa mo sa ibang tao, bagkus kilalanin ang hindi mabilang na mga pagpapala sa iyo ng Allah, malaman na Siya lamang ang nagbibigay ng mga pagpapala at makapipigil ng mga ito. Ang Allah ay karapat-dapat sa papuri at kaluwalhatian dahil sa kung sino Siya, anuman ang mga pagpapala sa ating buhay. Isinusuko natin ang ating mga sarili sa kadakilaan at Kamaharlikahan ng Allah nang may pagpapakumbaba at pagmamahal, pinupuri ang Allah gamit ang mga pambungad na salita sa Talatang ito.

Higit pa nating kinikilala na ang Allah ang Panginoon ng lahat, ang ibig sabihin, ang Allah ang Panginoon, Hari at Pinaka-Makapangyarihan sa lahat. Siya ang lumikha ng lahat at wala Siyang katumbas o katulad sa anumang paraan. Kaya, ang lahat maliban sa Allah ay Kanyang nilikha. Wala siyang kapantay, kapareha, katulong o anak. Pinupuri natin ang Allah kikalala ang katotohanang ito at nagpapasakop dito. Ang Talata na ito ay nagtuturo sa atin na patuloy na purihin ang Allah, luwalhatiin at pasalamatan Siya sa lahat ng sitwasyon.






Paliwanag sa Bawat Talata

Talata 3 - “Ang Pinaka-Maawain, ang Pinaka-Mahabagin”.

Ito ang dalawa sa mga pangalan ng Allah, na tumutukoy sa mga katangian ng Allah na umiikot sa biyaya at habag. Ang Allah ay Maawain at Mahabagin, at ang Kanyang biyaya at habag ay ipinakita sa pamamagitan ng maraming pagpapala na Kanyang ipinagkaloob sa Kanyang mga nilikha. Kabilang dito ang pisikal at makamundong mga pagpapala; mga bagay na makikinabang mula sa pagkain, tirahan, ulan, kalusugan at lahat ng iba pa. Ang uri ng biyayang ito ay ibinibigay sa lahat ng mga nilikha ng Allah, mga tao at kung hindi man, mga mananampalataya at hindi mananampalataya.

Ito ay makikita sa mga partikular na anyo ng biyaya na ibinibigay ng Allah sa mga mananampalataya sa mga tuntunin ng pananampalataya at kakayahang magsagawa ng mabubuting gawa at ang gantimpala na kaakibat nito. Pagkatapos ay ibinibigay ng Allah ang gantimpala na ito para sa mga mananampalataya partikular sa kabilang na buhay sa anyo ng biyaya, kapatawaran at ang pinakahuling gantimpala ng Paraiso. Ang talatang ito ay nagpapa-alala sa atin na tandaan ang mga katangiang ito ng Allah, tawagin Siya sa pamamagitan ng mga ito, at magkaroon ng pag-asa sa mga ito.






Paliwanag sa Bawat Talata

Talata 4 - “Ang Panginoon sa Araw ng Gantimpala”.

Ang Allah lamang ang magiging hari, Panginoon at may-ari ng Araw ng Paghuhukom. Walang sinuman maliban sa Kanya ang maaaring mamuno, humatol o magpahintulot na mamagitan sa araw na iyon. Walang magiging gantimpala o kapatawaran maliban sa Kanya. Kaya, ang talatang ito ay nagpapaalala sa atin na alalahanin ang araw na ito at maghanda para dito sa pamamagitan ng pananampalataya at kabutihan, at matuwid na mga gawa.






Paliwanag sa Bawat Talata

Talata 5 - "Ikaw lamang ang aming sinasamba at sa Iyo lamang kami humihingi ng tulong".

Ito ang deklarasyon ng pagsamba sa Allah lamang. Ang talata ay binuo sa ganitong paraang upang bigyang-diin ang kahalagahan ng pagsamba lamang sa Allah at pagdirekta sa lahat ng uri ng pagsamba sa Kanya lamang, tulad ng panalangin at pagsusumamo kung saan nakikita natin ang tulong ng Allah. Kasama sa pagsamba ang lahat ng paraan ng pagpapasakop na dapat lamang na idirekta sa Allah. Ang talatang ito ay nagpapaalala sa atin tungkol sa layunin ng ating pagkalikha at ang kahalagahan ng pagsamba lamang sa Allah.






Paliwanag sa Bawat Talata

Talata 6 - “Gabayan kami sa Matuwid na Landas”.

Ang Matuwid na Landas ay ang landas patungo sa Allah. Ito ang landas ng pananampalataya at matuwid na mga gawain. Ito ang landas na nakabalangkas sa Qur'an at sa pamamagitan ng mga salita at patnubay ni Propeta Muhammad ﷺ. Ang talatang ito ay nagpapakita sa atin na ang Allah ay hindi lamang nag-uutos sa atin na sambahin Siya, gayundin ay ipinaalam sa atin kung paano ito gagawin sa pamamagitan ng paghahayag sa Qur'an at ang praktikal na halimbawa na matatagpuan sa buhay ni Propeta Muhammad ﷺ.







Paliwanag sa Bawat Talata

Talata 7 - “Ang landas na Iyong mga pinagpala, yaong mga walang galit at hindi naliligaw”.

Ang landas ng mga pinagpala ay yaong mga sumusunod sa patnubay ng Qur'an at ni Propeta Muhammad ﷺ. Ang mga nagdudulot ng galit ay yaong mga sumasalungat, kahit na dapat nilang higit na malaman. Ang mga naliligaw ay yaong mga sumasamba sa Allah nang may pagnanasa at kumikilos nang walang kaalaman. Ipinapaalala sa atin ng talatang ito ang kahalagahan ng parehong kaalaman at gawa.

Ang pitong mga talatang ito ay sumasaklaw sa Islam at sa mga katuruan nito sa pamamagitan ng pagtuon ng pansin sa mga pangunahing isyu at punto sa isang buod na paraan, na isang pang-araw-araw na paalala sa mga Muslim kung ano ang kailangan nilang tandaan at pagtuunan ng pansin.





 **NewMuslimPH**

 **newmuslimph**

 **newmuslimPH**

www.newmuslimacademy.ph

